



MGA SIMPLENG KATOTOHANAN TUNGKOL SA Ang Mahalagang Plano

Paano ba ako magpapatala?

- 📍 nystateofhealth.ny.gov
- ☎️ 1-855-355-5777 o TTY: 1-800-662-1220
- 👤 Sa pamamagitan ng libreng personal na tulong mula sa isang certified assistor na malapit sa iyong bahay o trabaho.

Matutulungan mo ba ako sa aking sariling wika?

May makukuhang tulong sa iyong wika sa pamamagitan ng telepono at sa personal.

Kailan ba ako maaaring magpatala?

Ang pagpapatala para sa Mahalagang Plano ay bukas buong taon.

Ang NY State of Health ay sumusunod sa mga naaangkop na Pederal na batas sa mga karapatang sibil at wala itong diskriminasyon ayon sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan nito.

Ano ba ang Mahalagang Plano?

Isang bagong planong pangkalusugan para sa mga mamamayan ng New York. Lubhang mas mura ang halaga nito kaysa ibang planong pangkalusugan. At naghahandog ito ng kaparehong mahahalagang benepisyo.

Sino ba ang maaaring bumili nito?

Mga taong may mababang-kita na hindi karapat-dapat para sa Medicaid o Child Health Plus.

Laki ng sambahayan	Pinakamalaking makukuha mo
1	\$24,120
2	\$32,480
3	\$40,840
4	\$49,200

Magkano ba ang halaga nito?

Alinman sa \$20 sa isang buwan para sa bawat tao – wala pang isang dolyar sa isang araw o WALA TALAGA.

Paano ba ako makatitipid dito?

Ito ay WALANG KINAKALTAS, kaya ang plano ay kaagad nagsisimulang magbayad para sa pangangalaga ng iyong kalusugan.

Nakakukuha ka ng LIBRENG PREBENTIBONG PANGANGALAGA tulad ng mga regular na iksamin at pagsusuri ng doktor upang mapanatili kang malusog.

Ano ba ang sinasaklaw ang Mahalagang Plano?

Mga kaparehong serbisyo na saklaw ng ibang plano:

- mga pagbisita sa doktor, kabilang ang mga espesyalista
- mga pagsusuri na iniutos ng iyong doktor
- de-resetang gamot
- pangangalaga ng ospital para sa mga pasyenteng namamalagi at hindi namamalagi sa ospital